# Ang Patnubay

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie M. Rodriguez-Founder
Mayo 18, 2024

Tiniyak ni Hesus na hindi Niya iiwang ulila ang kanyang mga alagad. Ipadadala ng Kanyang Ama sa kanila ang Banal na Espiritu bilang kanilang Tagapagtanggol upang ipaalala sa kanila ang lahat ng turo ni Hesus. Dagdag pa Niya na ang Espiritu Santo ay hindi maaaring manahan sa kanila hangga't hindi nila niluluwalhati ang Anak ng Ama (Juan 7). Ang Banal na Espiritu Santo ay patnubay, nagtututro, nagbibigay ng karunungan at kaalaman, hindi lamang sa mga alagad noon, kundi sa ating lahat sa kasalukuyan. Tunay nga na ang Banal na Espiritu ay ating katulong dahil nagpapalayas Siya ng demonyo at Siya ay tulay natin sa pakikipagkasundo natin sa Diyos.

**1. Ang Espiritu Santo ay kapangyarihan ng Simbahan.** Ang aklat ng Mga Gawa ay ang talaan ng mga ministeryo ni Hesus. Pagkatapos ng Kanyang kamatayan, nagsagawa ng mga himala ang Kanyang mga alagad sa Kanyang pangalan. Sa kontexto ng ating panahon, tayo rin ay dapat maniwala at mamuhay ayon sa Kanyang mga turo.

2. **Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa atin at tumutulong sa relasyon natin sa Diyos.**

2.1 Siya ay nagbibigay ng kalinawan at karunungan (Juan 14: 26-27).

2.2. Tinulungan Niya ang mga alagad na magsalita sa kanilang sariling wika (Gawa 2:14-36).

2.3. Tinutulungan Niya tayo na maging mabisa ang ating panalangin sa Diyos. Ginagawa Niyang kawili-wili ang panalangin sa pamamagitan ng dyalogo at hindi isang monologo (Gal.6:6; Efeso 6:18).


2.4. Tinutulungan Niya tayo na sambahin ang Diyos sa Espiritu at katotohanan.

2.5. Tinutulungan Niya tayong tapusin ang mga banal nating proyekto at gagawin (Zac. 4:6-9).

2.6. Bibigyan Niya tayo ng mga pahayag upang malaman ang plano ng Diyos sa atin (Juan 16:13).

2.7. Siya ang nakikipag-usap sa atin sa pamamagitan ng panaginip, pangitain at impresyon (Awit 32).

2.8 Tinutulungan Niya tayong maging mabunga (Isa.22:15) at magningnig sa kaluwalhatian ng Diyos (2 Cor.3:18; Gal.5:22-23).




2.9. Tinutulungan Niya tayong mamuhay nang banal at maka-iwas sa imoralidad at malaswang buhay (1Tessa. 4:3, Fil.4:8).

2.10. Tinutulungan Niya tayo na tiisin ang mga pag-uusig at pagsubok. Higit Siyang matalino kaysa sa mga nag-aakusa sa atin (Mateo 10:19).

2.11. Sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga alagad na maaari silang magtanong ng anumang bagay sa Kanyang pangalan. Ang panalangin ng isang komunidad ay may kapangyarihan (Gawa 4:23-31).

- Tinanggap ni Pedro ang kaloob ng Banal na Espiritu upang magkaroon ng lakas ng loob na magsalita at mabago ang 3,000 na tao.
- Tinulungan Niya tayong manalangin ng pagpapapagaling sa pangalan ni Hesus.
- Sina Pablo at Silas ay nakulong at nang sila ay umawit ng papuri, nagbukas ang lahat ng pinto (Gawa 16:25-26).
- Nakagat ng ahas si Pedro ngunit hindi siya nalason dahil sa pangako ng Diyos (Gawa 28:3).
- Dinala ng mga tao ang mga may sakit sa lansangan upang gumaling; naniwala sila na sa anino lamang ni Pedro ay gagaling na sila (Gawa 5:15).
- Namatay sina Safira at asawang Ananias bilang parusa sa hindi nila pagtupad sa pangakong ibibigay sa simbahan ang buong pinagbilhan ng kanilang lupain (Gawa 5:9-10).

**Konklusyon:** Ang Banal na Trinidad ay binubuo ng 3 persona - Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Ang huli ay ang kilalang Katulong o Patnubay; bigyan natin Siya ng parehong karangalan at paggalang. Huwag tayong maguluhan dahil sumasaatin Siya sa lahat ng oras.

**Pagninilay:** Naramdaman o naranasan mo na ba ang presensya ng Banal na Espiritu kapag naghahanap ka ng gabay, kaliwanagan at pang-unawa? Paano ka tumutugon sa Kanyang Salita?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento;Na-edit ni: Nida A. Cruz
website:https://lordsflock.org/digests
Tags: #Banal na Espiritu